ISANG GABAY NG MAGULANG PARA SA PAG-UNAWA

Mga Assessment sa Kahusayan sa Wikang Ingles sa California (English Language Proficiency Assessments for California o ELPAC)

Ang ELPAC ay isang pagsusulit na ginagamit para sukatin kung gaano nauunawaan ng mga mag-aaral sa kindergarten (K) hanggang ika-12 grado ang Ingles kapag hindi ito ang pangunahin nilang wika. Tumutulong ang impormasyon mula sa ELPAC sa guro ng iyong anak na magbigay ng tulong sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat.

May dalawang bahagi ang ELPAC:

Inisyal ELPAC

SINO

Kukuha ang mga mag-aaral ng Inisyal ELPAC kung mayroon silang pangunahing wika na hindi Ingles at hindi pa nauri bilang mga learner ng English.

ANO

Ginagamit ang Inisyal ELPAC para matukoy kung ang isa bang mag-aaral ay learner ng Ingles na nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng Ingles, o bilang mahusay sa Ingles.

KAILAN

Binigyan ang mga mag-aaral ng Inisyal ELPAC sa loob ng 30 na araw pagka-enroll nila sa paaralan sa California.

BAKIT

Mahalagang matukoy ang mga mag-aaral na kailangang matuto ng Ingles para makatanggap ang mga mag-aaral ng tulong na kailangan nila para maganda ang performance nila sa paaralan habang tumatanggap sila ng pagtuturo sa lahat ng mga asignatura sa paaralan.

Summative ELPAC

SINO

Ibinibigay ang Summative ELPAC sa mga mag-aaral na natukoy na mga learner ng Ingles.

ANO

Ginagamit ang Summative ELPAC para sukatin ang mga kasanayan ng mga learner ng Ingles. Tutulong ang resulta na ipaalam sa paaralan o distrito kung handa na ba ang mag-aaral para muling uriin bilang mahusay sa Ingles.

KAILAN

Ang mga learner ng Ingles na mag-aaral ay binibigyan ng Summative ELPAC tuwing tagsibol, sa pagitan ng Pebrero at Mayo, hanggang muli silang mauri bilang mahusay sa Ingles.

PAANO

Ang Summative ELPAC ay isang pagsusulit na ginagamitan ng kompyuter na hindi inoorasan. Patuloy na kukunin ng mga mag-aaral sa K hanggang sa ika-2 baitang ang bahagi na Pagsusulat sa pagsusulit sa papel. Isahan ang magiging pagsusulit ng mga mag-aaral sa K hanggang sa ika-2 baitang.

BAKIT

Ang mga mag-aaral na natukoy bilang mga learner ng Ingles ay kukuha ng Summative ELPAC para masukat ang kanilang pagsulong sa pag-aaral ng Ingles.

Sinusuri ng ELPAC ang apat na iba't ibang larangan:

Kumukuha ba ng ELPAC ang mga mag-aaral na may kapansanan?

Oo, dinisenyo ang ELPAC para makasali ang mga mag-aaral, pati na ang mga may espesyal na pangangailangan, sa pagsusulit at maipakita nila ang kanilang nalalaman at kayang gawin. Bilang resulta, kasama sa pagsusulit ang paggamit ng mga resource na tumutugon sa mga hadlang sa paningin, pandinig, at pisikal na hadlang—na nagbibigay-daan sa halos lahat ng mag-aaral na maipakita ang nalalaman at kaya nilang gawin.

Paano Ko Matutulungan ang Aking Anak na Makapaghanda Para sa ELPAC?

Isa kang mahalagang bahagi sa edukasyon ng iyong anak. Ang ilang mga bagay na maaari mong gawin para matulungan ang iyong anak ay:

- Palaging basahan ang iyong anak, o hilingan siyang magbasa para sa iyo.
- Gumamit ng mga larawan at hilingin sa iyong anak na sabihin sa iyo kung ano ang nakikita niya sa larawan o kung ano ang nangyayari sa larawan.
- Ibigay ang mga pagkakataong magamit ng iyong anak ang wika sa labas ng paaralan.
- Makipag-usap sa guro ng iyong anak tungkol sa mga kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat ng iyong anak para matulungang suportahan ang pagsulong ng iyong anak.

Nakaayon ang ELPAC sa Mga Pamantayan sa Pag-unlad sa Wikang Ingles sa California (California English Language Development Standards). Matatagpuan ang mga pamantayang ito sa https://www.cde.ca.gov/sp/el/er/documents/eldstndspublication14.pdf.

Ang mga sample na katanungan, pati na ang mga link sa mga pagsasanay na pagsusulit at mga mapagkukunan, ay makukuha sa web page na Starting Smarter sa https://elpac.startingsmarter.org.

Karagdagang Impormasyon

Matatagpuan ang higit pang impormasyon tungkol sa ELPAC sa web page ng Kagawaran ng Edukasyon ng California para sa ELPAC sa http://www.cde.ca.gov/ta/tg/ep/.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga puntos ng iyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak o sa opisina ng paaralan.

ELPAC
English Language Proficiency Assessments for California